



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-8 ng Oktubre, 2018
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

ANG MAAGANG PAGBOTO AY MAGSISIMULA PARA SA ELEKSYON SA IKA-6 NG NOBYEMBRE

Magsisimula ng Magpadala ang Postal Service ng mga Balotang Pangkoreo sa inyong mga Bahay

Maaari nang bumoto ang mga botanteng interesado sa paghulog ng kanilang balota nang maaga para sa Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa 5600 Overland Avenue sa County Operations Center campus sa Kearny Mesa. Ang maagang pagboto ay nagsimula noong Lunes at magpapatuloy mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes at hanggang magsara ang mga botohan sa ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon. Ang opisina ay magbubukas din ng ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon sa Sabado, Ika-3 ng Nobyembre at Linggo, Ika-4 ng Nobyembre para sa weekend na pagboto.

Noong Lunes, mahigit 1.1 milyong balotang pangkoreo ang pinadala sa pamamagitan ng U.S. Postal Service, at makikita ito ng mga botante sa kanilang mga mailbox na maaaring dumating sa mismong araw na iyon. Para sa eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre, ang mga botante ay makakatanggap ng two-card na balota. Ang mga paligsahan ay matatagpuan sa harap at likuran ng bawat pahina. Ang two-card na balota ay mas mabigat nang kaunti, kaya kakailangin ng 71 sentimos na selyo. Kung isasaalang-alang ang haba ng balota, ang mga botanteng humiling ng kanilang balota sa koreo ay hinihikayat na kumilos agad.

“Kung alam ninyo kung paano ninyo gustong bumoto, kunin ang balotang pangkoreo na iyon pagkatanggap ninyo, markahan ang inyong mga pinili at ibalik ito kaagad,” sabi ng Tagapagrehistro na si Michael Vu. “Kung maagang maibabalik sa amin ang balota, maaga naming masisimulan ang pagproseso nito upang ito ay maibilang sa oras na magsara ang mga botohan ng ika-8 ng gabi sa Ika-6 ng Nobyembre.”

Ang mga balotang pangkoreo ay convenient para sa mga botante na hindi na gustong bumiyahap papunta sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante upang ihulog ang kanilang mga balota o hintayin na magbukas ang mga botohan sa Araw ng Eleksyon. Ang mga nakarehistrong botante ay maaaring [humiling ng isang balotang pangkoreo](#) hanggang sa Ika-30 ng Oktubre.

Samantala, ang Tagapagrehistro ay naghahanap pa rin ng mga manggagawa sa botohan lalo na ang mga bilingguwal na manggagawa sa botohan. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o bisitahin ang [sdvote.com](#).

###

COUNTYNEWSCENTER  

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101-2472